Sa Gabay ng Paglulunsad ng Champion Home, nagbigay ang ISMP Canada sa Mga LTC Home ng Survey para sa Pakikibahagi ng Residente at Pamilya. Iniangkop ito ng pangkat sa peopleCare Hilltop Manor LTC sa kanila sa pamamagitan ng pagdaragdag ng ilan pang tanong. Maaari itong baguhin ng iyong home para maiangkop ito sa mga pangangailangan ng iyong komunidad. Salamat sa peopleCare Hilltop Manor sa pagbabahagi ng inyong nagawa!

1. Gaano ka nakikibahagi sa mga pagpapasya tungkol sa iyong mga gamot?
    a. Talagang hindi
    b. Inaalam ng aking doktor kung mayroon akong anumang tanong sa dulo ng pagpapatingin
    c. Inaalam ng aking doktor kung may komento/alalahanin ako, at sa aking palagay ay nakikinig ang aking doktor o nurse
    d. Tinatanong ako ng aking doktor, nurse, at pharmacist kung ano ang epekto sa akin ng mga gamot at kung may anumang problemang iuulat.
    e. Nakikipagtulungan sa akin ang aking doktor para maunawaan kung ano ang mahalaga sa akin, at nakikibahagi ako sa pagtatakda ng mga hangarin para sa pamamahala ng paggamot ko.

2. Alam mo ba kung ano-ano ang mga gamot mo? Alam mo ba kung para saan ang mga ito?
    a. Oo
    b. Ang ilan lang
    c. Hindi
    d. Hindi ako sigurado

3. Nakikibahagi ka ba hangga't gusto mo sa mga pagpapasya tungkol sa iyong mga gamot?
    a. Nakikibahagi ako hangga't gusto ko.
    b. Gusto kong malaman ang iba pang detalye tungkol sa aking mga gamot.
    c. Gusto kong malaman ang iba pang detalye at mas makibahagi sa mga pagpapasya tungkol sa aking mga gamot.
    d. Gusto kong hindi masyadong makibahagi at ipaubaya sa iba ang mga pagpapasya tungkol sa gamot para sa akin.

4. Komportable ka ba sa iyong mga gamot?
    a. Oo
    b. Hindi

5. Ano ang nararamdaman mo matapos mong gamitin ang iyong mga gamot?
    a. Walang pinagkaiba

b. Pagod
c. Nanghihina
d. Nanunuyong bibig
e. Mabuti
f. Iba pa (pakilarawan)

6. Sa scale na 1-5, gaano ka kasiguradong ligtas ang sistema ng pamamahala ng paggamot sa iyong home?
    a. Hindi talaga ako sigurado
    b. Bahagyang sigurado
    c. Medyo sigurado
    d. Madalas kong nararamdamang ligtas ako
    e. Sigurado akong ligtas ang sistema ng pamamahala ng paggamot

7. Sa palagay mo, ipinapaalam ba sa iyo ang iyong mga gamot at pagbabago?
    a. Talagang hindi
    b. Minsan
    c. Madalas
    d. Palagi

8. Kapag nagdulog ka ng alalahanin tungkol sa iyong gamot sa sinumang tauhan, ano ang nangyayari?
    a. Walang umaaksyon
    b. May magsasabing nakarating na sa kanya ang alalahanin
    c. May mga itatanong sa akin ang tauhan tungkol sa aking alalahanin
    d. Ipapaalam sa akin ng tauhan ang gagawin nila para resolbahin ang aking alalahanin
    e. Hihingin ng tauhan ang aking mga ideya sa kung paano resolbahin ang alalahanin ko
    f. Hindi ako sigurado

9. Gaano ka kapamilyar sa iyong mga gamot?
    a. Wala akong kaalam-alam sa mga gamot na ginagamit ko
    b. Natutukoy ko ang kulay/hugis ng ilan sa mga ito
    c. Alam ko kung para sa anong mga kundisyon ko ginagamit ang gamot
    d. Alam ko ang pangalan ng ilan sa mga ito pero matutukoy at maaalala ko ang hitsura ng mga ito

e. Alam ko kung anong mga gamot ang ginagamit ko, kung para saaan ang mga ito at ang dapat na epekto ng mga ito